



Ano ang Dapat Malaman

Ang Aming Misyon

Maglingkod at bigyan ng lakas ang mga taong may developmental na kapansanan at ang kanilang pamilya na makamit ang kanilang mga layunin kasama ang mga kasamahan sa komunidad.

Layunin namin na maglingkod at bigyan ng oportunidad and mga taong may kapansanan na makamit ang kanilang buong potensyal at maranasan nila maging bahagi ng isang komunidad tulad ng paaralan, trabaho, at libangan.

Ano ang Sentrong Panrehiyon ng San Diego (San Diego Regional Center, SDRC)?

Ang SDRC ay ang sentro ng paguugnay ng mga serbisyo para sa iyo o sa iyong mahal sa buhay na may kapansanan tulad ng autism, intelektwal na kapansanan, cerebral palsy, o epilepsy. Ang SDRC ay isa sa 21 sentrong panrehiyon sa California.

Isa kaming pribadong non-profit na organisasyon na pinopondohan ng estado ng California na nakikipagugnayan sa Departamento ng Serbisyonng Debelopmental ng California (California Department of Developmental Services) upang makapagbigay ng serbisyo sa mga kliyente at kanilang pamilya na nakatira sa County ng San Diego at Imperial.



Layunin namin na tulungan kayo o ang inyong mahal sa buhay na makuha ang/ang mga suportang kailangan mo/nila.

Kung ikaw ay nakatira sa County ng San Diego, tumawag ka sa **(858) 576-2996**

Kung ikaw ay nakatira sa County ng Imperial, tumawag ka sa **(760) 355-8383**



Sentrong Panrehiyon ng San Diego
4355 Ruffin Road, San Diego, CA 92123
www.sdrc.org



Ang Aming Mga Serbisyo



S | D | R | C

Sentrong Panrehiyon ng San Diego

Paglingkuran ang mga Indibidwal na may Debelopmental na Kapansanan sa San Diego at Imperial Counties.



Sino ang Maaaring Maging Kwalipikado Para sa Mga Serbisyo?

Ang mga residente ng mga County ng San Diego o Imperial ay maaaring maging kwalipikado para makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay nasuri ng isang doktor na ikaw ay may kapansanang debelopmental bago ka umabot ng 18 taong gulang, at ang iyong kapansanan ay napatunayan na may matinding epekto sa inyong kapansanan at inaasahang magpapatuloy panghabang buhay.

Ang mga kapansanan sa pag-unlad na ito ay kinabibilangan ng:

- Intelektwal na Kapansanan
- Cerebral Palsy
- Epilepsy
- Autism
- Iba pang kondisyong katulad ng mga may intelektwal na kapansanan na nangangailangan ng paggamot na maihahambing sa kinakailangan ng mga taong may intelektwal na kapansanan.

Anong mga Serbisyo ang Maibibigay ng Sentrong Panrehiyon?

- Pagkuha ng impormasyon at pagtukoy ng kwalipikasyon
- Ebalwasyon, medikal na pagsusuri, pagsusuri, at pagpapayo
- Pagbuo ng isang Plano ng Programa para sa Indibidwal (Individual Program Plan o IPP) at pagsasaayos ng serbisyo
- Pagpondo ng mga serbisyo para matugunan ang mga layunin ng IPP
- Pagadbokasiya para sa proteksyon ng mga karapatang legal, sibil at serbisyo.
- Pagpapaunlad ng mapagkukunan, pagsusuri ng programa, at edukasyon para sa komunidad
- Pamublikong impormasyon at pagsasanay



Mga Serbisyo Para sa Kliyente

Ang bawat kliyente ng Sentrong Panrehiyon ng San Diego ay makikipagugnayan sa isang tagapagsaayos ng serbisyo o Service Coordinator (SC). Ang SC ang nagaayos ng lahat ng mga serbisyo na pwedeng maibigay ng Sentrong Panrehiyon. Sila rin ang sasagot sa inyong mga tanong o mga alalahanin. Ang mga serbisyo ay batay sa ninyong mga pangangailangan at hangarin. Ang SC ay tumutulong sa mga pamilya na makahanap ng solusyon sa mga partikular na pangangailangan ng kliyente.

Proseso Ng Pag-a-apply Para Sa Mga Serbisyo

Unang Hakbang: Tumawag sa "Intake Department" ng Sentrong Panrehiyon ng San Diego sa **858-576-2938**.

Ipapaliwanag ng isang isang Tagapagugnay ng Impormasyon (Intake Coordinator) ang aming mga serbisyo at mangongolekta ng mga impormasyon tungkol sa aplikante. Kailangan magsumite ng pormal na aplikasyon ang aplikanteng nasa hustong gulang (18 taong gulang pataas), magulang, konserbator, o tagapag-alaga.

Ikalawang Hakbang: limbitahan ang aplikante at ang kanyang pamilya sa isang panayam upang makakuha ng karagdagang impormasyon at sumailalim sa isang ebalwayson upang matukoy ang kwalipikasyon ng aplikante.

Ang pagpupulong ay magbibigay ng ideya ng proseso ng pagkuha ng impormasyon at mga serbisyong maaring ibigay ng SDRC. Malalaman kung kwalipikado ba ang aplikante sa loob ng 120 araw para sa lahat ng indibidwal na may edad na tatlong taon pataas.

Ikatlong Hakbang: Kung ang aplikante ay kwalipikadong makakuha ng mga serbisyo ng SDRC, mag-iiskedyul ng isang pagpupulong para makabuo ng programa para sa indibidwal (individualized program plan o IPP). Ang mga hindi kwalipikadong kliyente ay itutukoy sa mga naangkop na ahensya.



Mga Bayarin

Libre ang mga serbisyo sa panayam sa pagkuha ng impormasyon, medikal na pagsusuri. Ang mga magulang ng mga menor de edad na naninirahan sa isang residensyal na tahanan na may 24 oras na pangangalaga ay may babayaran batay sa kanilang kinikita.

Nagbabayad Ba Ang Sentrong Panrehiyon Para Sa Mga Serbisyo?

Ang Sentrong Panrehiyon ay ang pinakahuling ahensya na magbabayad ng serbisyo. Maaring magbayad ang Sentrong Panrehiyon kung walang ibang natural na serbisyo, Medi-cal, or pampridadong insurance ang makakapagbigay ng serbisyo.

Mga ilang halimbawa:

- Mga Serbisyo para sa tahanan- mga panggrupong tahanan, ILS, SLS, AFHA
- Mga Serbisyo para sa may hustong gulang (Adult Day Services)- mga programa sa araw, programa para sa trabaho, programa para sa `internship
- Pansariling Determinasyon (Self-Determination) – nagbibigay-daan sa mga kalahok na magkaroon ng higit na kontrol sa pagbuo ng kanilang mga plano sa serbisyo at pagpili ng mga indibidwal o ahensya upang mas matugunan ang kanilang mga pangangailangan.
- Mga Serbisyo sa Pag-uugali
- Mga Programa sa Pagpapalaki ng Sanggol
- Mga Serbisyo sa Transportasyon
- Mga Serbisyo sa Panandaliang Ginawa
- Mga Serbisyong Panlipunan/Panlibangan